


Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 5
Pagtupad ng Itinakdang Mithiin**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Module
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Kagalingan sa Paggawa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul	
Manunulat:	Marlon E. Calunod
Patnugot:	Janet N. Recamara, Filma B. Catalan
Tagasuri:	Allan T. Garcia, Teresita C. Carbonilla
Tagalapat:	Paul Andrew A. Tremedal
Tagapamahala:	Isabelita M. Borres, Eugenio B. Penales, Sonia D. Gonzales, Mildred D. Dayao, Aida F. Coyme

Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City 7016
Telefax:
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 5
Pagtupad ng Itinakdang Mithiin**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Natutunan mo sa Modyul 4 na tunay nga na mahalaga na taglayin ng isang tao ang kasipagan sapagkat isa itong susi sa magandang kinabukasan. Ang pagiging masipag ay nagbubunga ng mas maraming biyaya sa mga taong nagtataglay ng ganitong katangian.

Layunin ng modyul na ito na:

- matulungan kang mapaunlad ang iyong sarili tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin nang may kasipagan at pagpupunyagi;
- mahinuha na ang hirap, pagod at pagdurusa ay nadadaig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin;
- at, makagawa ka ng tsart ng pagsunod sa hakbang upang matupad ang itinakdang gawain nang may kasipagan at pagpupunyagi.



Subukin

Gawain 1

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.

Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno sa asignaturang ito.

1. Ito ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang layunin o mithiin sa buhay.
 - a. Kasipagan
 - b. Katatagan
 - c. Pagsisikap
 - d. Pagpupunyagi
2. Ang mga sumusunod ay mga kalakip ng pagpupunyagi maliban sa...
 - a. Katapatan
 - b. Kasipagan
 - c. Determinasyon
 - d. Pagtitiyaga at Pagtitiis
3. Ang mga sumusunod ay nagpapakita ng pagpupunyagi **maliban** sa...
 - a. Hindi sumusuko sa pagharap ng balakid o problema
 - b. Napapamahalaan ang oras sa kabila ng maraming gawain.
 - c. Pagpapatuloy sa kabila ng matinding pagod at hirap makamit lamang ang minimithi sa buhay
 - d. Panghinaan ng loob dahil sa nararanasang hirap ng buhay
4. Alin sa mga sumusunod ang hakbang sa pagtatakda ng mithiin?
 - a. Pagsulat ng itinakdang mithiin at paglagay nito sa ilalim ng unan
 - b. Pagsasabi ng itinakdang mithiin sa mga kaibigan
 - c. Pagpapasa-Diyos ng mga itinakdang mithiin
 - d. Pagsulat ng takdang panahon sa pagtupad ng mithiin.
5. Hindi dapat taglayin ng tao ang ugaling katamaran. Ang sumusunod na pangungusap ay nagbibigay ng kahulugan nito maliban sa:
 - a. Ito ay pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay, o trabaho.
 - b. Ito ang pumipigil sa tao upang siya ay magtagumpay.
 - c. Ito ay maaaring sumira sa kinabukasan.
 - d. Ito ay magdadala ng panganib sa buhay.




Balikan

Gawain 2

Panuto: Sa modyul 4 ay iyong natukoy ang mga indikasyon ng isang taong mayroong kasipagan, pagpupunyagi, pagtitipid at wastong pamamahala sa naimpok. Gumawa ng iyong sariling kasabihan o salawikain ukol sa natutunan mo rito.

Isulat ang iyong kasabihan o salawikain sa kuwaderno sa asignaturang ito.

Ang pagbibigay puntos o iskor ay nagagabay ng sumusunod na rubrik.



RUBRIK SA PAGTATAYA NG SALAWIKAIN				
Batayan ng Kapasyahan	Pananalaysay at Puntos			Puntos
	Nangangailangan ng pagpapabuti (1)	Mahusay (2)	Napakahusay (3)	
1. Organisasyon ng Ideya	Hindi organizado ang pagkasulat ng ideya	Organisado ang ideya subalit ang ilang bahagi nito ay hindi maunawaan.	Lubos na organizado ang mga ideya.	
2. Istilo sa Pagsulat	Nagpapakita ng ugnayan ng mga ideya ngunit lumalayo ito sa paksa at hindi maunawaan.	Ang istilo ng pagsulat ay nagpapakita ng ugnayan ng mga ideya at akma sa paksa ngunit may ilang bahagi ang hindi maunawaan.	Ang pangkalahatang istilo ng pagsulat ay nagpapakita ng ugnayan ng mga ideya, akma sa paksa at lubos na nauunawaan.	
3. Balarila at Baybay	tatlo o higit pang mali sa balarila at baybay ang natukoy sa sulatin	isa hanggang dalawang mali sa balarila at baybay ang natukoy sa sulatin	Walang makitang mali sa balarila at baybay ang natukoy sa sulatin	
Kabuuang Puntos				



Tuklasin

Gawain 3

Panuto: Pagnilayan ang isang awit na sinulat ni Naldy Padilla at inawit ng grupong Orient Pearl na pinamagatang “Pagsubok”.
Ang mga liriko ng awit ay nasa ibaba.
Pagkatapos sagutin ang mga sumusunod na mga gabay na tanong.
Maaring isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

Pagsubok

Isip mo'y litong lito
Sa mga panahong nais mong maaliw
Bakit ba bumabalakid
Ang iyong mundong ginagalawan
Ang buhay ay sadyang ganyan
Sulirani'y di mapigilan
Itanim mo lang sa 'yong pusong
Kaya mo yan....
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Huwag mong isiping ikaw lamang
Ang may madilim na kapalaran
Ika'y hindi tatalikuran
Ng ating Ama na Siyang lumikha
Hindi lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lang ikaw ang lumuluha
Pasakit mo'y may katapusan
Kaya mo 'yan....
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Huwag mong isiping ikaw lamang
Ang may madilim na kapalaran
Ika'y hindi tatalikuran
Ng ating Ama na Siyang lumikha
Hindi lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lang ikaw ang lumuluha
Hindi lang ikaw ang nagdurusa
At hindi lang ikaw ang lumuluha

Pasakit mo'y may katapusan
Kaya mo 'yan....
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong itigil ang laban
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Huwag mong isuko....at 'yong labanan
Pagkabigo't alinlangang
Gumugulo sa isipan
Mga pagsubok lamang 'yan
Huwag mong isuko ang laban

Mga Gabay na Tanong

Sagutin mo.

1. Ano ang naramdaman mo nang margining ang awitin?
2. Ano kaya ang mensahe ng awitin?
3. Aling linya o bahagi sa awitin ang iyong nagustuhan? Ipaliwanag.
4. Kung ikaw ay may pinagdadaanang pagsubok sa buhay, paano mo ito pinamamahalaan?
5. Sa kahaharaping mga pagsubok sa pag-abot ng iyong mga mithiin, paano mo ito magagawa nang may kasipagan at pagpupunyagi?




Suriin

Tunay ngang bahagi ng buhay ng tao ang mga pagsubok at problema ngunit ang mahalaga ay huwag sumuko bagkus kailangan na magpatuloy. Ang pagpapatuloy sa gawain kahit na ikaw ay nahihirapan, ang pagpapatuloy kahit minsan ikaw ay nasasaktan o nagdurusa, ang pagpapatuloy kahit maraming natatanggap na mga puna mula sa iba, at ang pagpapatuloy sa kabila ng matinding pagod at hirap makamit mo lamang ang iyong minimithi sa buhay. Lahat ng mga ito ay palatandaan ng pagpupunyagi.

Ang *pagpupunyagi* ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang iyong layunin o mithiin sa buhay. Ito ay may kalakip na pagtitiyaga, pagtitiis, kasipagan at determinasyon. Ito ay pagtanggap sa mga hamon o pagsubok ng may kahinahunan at hindi nagrereklamo. Ito ay patuloy na pagsubok ng mga gawain hangga't hindi nakakamit ang mithiin.

Ang pagpupunyagi ay mahalagang katangian na makatutulong upang magtagumpay ang isang tao. Sa kabila ng mga balakid at mga problema na kanyang susuungin ay hindi siya dapat panghinaan ng loob bagkus kinakailangan na magpatuloy at maging matatag.

Tingnan na lamang natin si Thomas Edison, isang Amerikanong imbentor. Siya ang nakaimbento ng **electric light bulb**. Bago niya natapos ito ay dumaan siya sa maraming pagsubok. Maraming beses siyang nagkamali ngunit hindi siya tumigil bagkus nagpatuloy pa siya ng husto hanggang sa nakuha niya ng tama ang kanyang imbensyon. Mula dito ay nakilala siya hindi lamang sa bansang Amerika kundi sa buong panig ng daigdig.



Ngunit, paano kaya kung siya ay sumuko sa bawat pagkakamali niya sa kaniyang imbensyon? Paano kung itinigil na niya ito at hindi na nagpatuloy? Ano kaya ang mangyayari? Ikaw, katulad ka din ba ni Thomas Edison? Hindi ka rin ba sumusuko hanggat hindi mo natatapos ng buong husay ang iyong gawain? Kung ikaw ay may ganitong katangian ay ipagpatuloy mo lamang sapagkat ito ay magbubunga ng tagumpay. Isang tagumpay na maaring makapagbigay sa iyo ng masagana at magandang buhay.

Nangangailangan ng pagpupunyagi, maingat na pagpapalano, at patuloy na pagtutulak ng sarili upang makaahon tayo sa nakasanayan nating ugali na hindi paggawa ng gawain sa tamang oras. Panahon na upang tayo ay gumising, bumangon, at simulang gawin ang kailangang pagbabago sa paggamit ng oras. Kamtin natin ang mas mataas na layunin – ang magawa ng mabuti ang lahat ng ating mga gawain at tapusin ang mga ito hindi lamang sa takdang oras kundi bago pa matapos ang itinakdang oras.

Napag-alaman mo sa nakaraang aralin (Modyul 3-Kagalingan sa Paggawa) na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malinaw na tunguhin, prayoritisasyon, at iskedyul sa paggawa ng mga gawain, mas maikli ang oras na iyong kakailanganin upang matapos ang gawain.

Kung nakasulat ang mithiin sa buhay, makagagawa ka ng mahusay na plano para ito ay maisakatuparan. Ang mithiin sa buhay ay nagsisilbing motibasyon ng isang tao upang palagian niyang tapusin ng may sigasig ang lahat ng kanyang gawain. Ang patuloy na paggawa ng buong sipag at may kalidad ay magdudulot ng pag-unlad sa kakayahan ng isang indibidwal. Ang personal na pag-unlad ay magiging kapakipakinabang sa sarili, pamilya, komunidad at kalaunan sa bansa.

Nararapat lamang na bumuo ng plano upang matupad ang mithiin sa buhay. Ang planong ito ay mayroong mga layunin, hakbang sa pagkamit, takdang panahon at mga bagay na iyong kailangan sa pagsasakatuparan nito. Tuwi-tuwina, maaari mong tingnan ang iyong plano upang alamin ang iyong mga natupad kumpara sa iyong itinakda.

Mga Hakbang sa Pagtatakda ng Mithiin

Narito ang mga hakbang sa pagkamit ng itinakdang mithiin.

1. Isulat ang iyong itinakdang mithiin. Muli suriin ang iyong itinakdang mithiin kung ito ay tiyak, nasusukat, naaabot, mahalaga, nasasakop ng panahon at may angkop na kilos. Tayain kung ito ay tumutugon sa pamantayang ito.

2. Isulat ang takdang panahon ng pagtupad ng iyong mithiin. Isulat kung kailan mo nais matupad ang iyong mithiin. Ang pagsulat ng takdang panahon ay magbibigay sa iyo ng paalaala na kailangan mong kumilos upang matupad ang iyong mithiin.
3. Isulat ang mga inaasahang kabutihang maidudulot mula sa itinakdang mithiin at sa paggawa ng plano para rito. Ang mga inaasahang kabutihang maidudulot ang iyong magiging inspirasyon upang magsikap kang matupad ang itinakdang mithiin.
4. Tukuyin ang mga maaaring maging balakid o hadlang sa pagtupad ng iyong mga mithiin. Maaaring napakadaling magtakda ng mithiin, subalit kailangan ding isiping hindi ito ganito kadalang isakatuparan. Kailangang tukuyin ang mga balakid upang magkaroon ng lakas ng loob na harapin ang mga ito.
5. Isulat ang mga maaaring solusyon sa mga balakid o hadlang na natukoy. Itala ang lahat ng posibleng solusyon upang ikaw ay mayroong pagpipilian.

Laging tandaan na sa pagsasakatuparan ng mga mithiin sa buhay, daranas ka ng hirap, pagod at pagdurusa. Hindi palagiang magiging madali ang pagtupad ng iyong nais na gawin subalit nadadaig ng pagpupunyagi tungo sa pagtupad ng itinakdang mithiin ang anumang balakid. Ang iyong pamilya at malalapit na kaibigan ay mga taong maaring makatulong sa iyo upang malampasan mo ang anumang pagsubok at maabot mo ang iyong mithiin. Bukod sa iyong taglay na kasipagan at pagpupunyagi, ang iyong pananalig sa Lumikha at paniniwala sa kabutihan ng iyong kapuwa ay magsisilbi ring inspirasyon upang makamit mo ang iyong itinakdang mithiin sa buhay.



Pagyamanin

Gawain 4

Panuto: Batay sa ginawa mong pagbasa, sagutin ang mga sumusunod na gawain. Isulat ang titik **T** kung ang pahayag na nabanggit at Tama. Kung ang pahayag at mali, salungguhitan ang salita o mga salitang nagpapamali sa pahayag at isulat ang tamang salita o mga salita. Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.

1. Sa pagkakaroon ng malinaw na tunguhin, prayoritisasyon, at iskedyul sa paggawa ng mga gawain, mahahabaan mo ang paggamit ng oras.
2. Sa mga balakid at problema na susuungin ay hindi dapat panghinaan ng loob bagkus kinakailangan na magpatuloy at maging matatag.
3. Hindi bahagi ng buhay ng tao ang mga pagsubok at problema sa pagkamit ng itinakdang mithiin.
4. Ang katamaran o pagkabatugan ay pumipigil sa tao upang maging matagumpay sa gawain at sa pagkamit ng mithiin sa buhay.
5. Ang maingat na pamamahala sa paggamit ng oras ay kailangan sa pansariling gawain at hindi sa tungkulin natin sa bansa.



Isaisip

Gawain 5

Pag-isipan mo ito: Pagkatapos ng ulan ay sisikat ang araw, pagkatapos ng gabi ay darating ang ginhawa. Ibig sabihin lamang ito ay gaano man ang iyong pagdaraanang hirap sa iyong Gawain ay pagsumikapan mo itong mabuti sapagkat darating ang araw na malalasap moa ng kaligayahan at tagumpay na dulot ng iyong pagpupunyagi.

Panuto: Mula sa iyong pagkatuto sa aralin, punan ng mga angkop na salita na makikita sa loob ng kahon ang pangungusap sa ibaba upang mabuo ang batayang konsepton ng aralin. Isulat ang iyong mga sagot sa kuwaderno.

“Ang mga hirap, pagod at _____ ay nadadaig ng _____ tungo sa _____ ng itinakdang _____ .”

mithiin pagtupad pagpupunyagi pagdurusa



Isagawa

Gawain 6

Panuto:

1. Gumawa ng tsart at isulat ang mga itinakdang gawain sa araw-araw kung ito ay natutupad ng may kasipagan at pagpupunyagi. Isulat ang mga hakbang kung paano mo ito isasagawa.
2. Gumawa ng **daily log** na nagpapakita ng iyong gawain. Gawung gabay ang halimbawa na nasa ibaba.
3. Gawin ang mga ito sa iyong kuwaderno.

Halimbawa:

Petsa/Araw	Gawain	Balangkas ng mga Hakbang (Action Plan)	Kinalabasan / Resulta (Awtput)
Ika-5 ng Abril, 2021	Paggawa ng infographic tungkol sa pag-iwas sa paglaganap ng kaso ng COVID-19	<ul style="list-style-type: none"> • Paggawa ng plano kaugnay sa gagawing proyekto • Paghanda ng mga kagamitan 	<ul style="list-style-type: none"> • Naisagawa nang maayos ayon sa plano at sa takdang oras.

		<ul style="list-style-type: none">• Paggawa ng proyekto nang mahusay• Pagsumiti ng proyekto sa itinakdang oras	
--	--	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	--



Binabati kita sa iyong paggawa ng tsart na may pagsunod sa hakbang upang matupad ang itinakdang gawain nang may kasipagan at pagpupunyagi. Nawa ay makatulong ito sa pang-araw-araw mong gawain.



Tayahin

Gawain 7

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa bawat bilang at piliin ang letra ng tamang sagot.

Isulat ang inyong mga sagot sa kuwaderno sa asignaturang ito.

1. Si Thomas Edison, isang Amerikanong imbentor, ang siyang nakaimbento ng electric light bulb. Bago niya ito natapos, dumaan siya sa maraming pagsubok. Maraming beses siyang nagkamali ngunit hindi siya tumigil bagkus nagpatuloy pa siya ng husto hanggang sa nakuha niya ng tama ang kaniyang imbensiyon. Siya ay nagpapakita ng pagkakaroon ng ____
 - a. Hangarin sa buhay
 - b. Kakayahan sa paggawa
 - c. Determinasyon
 - d. Kaganapan sa buhay
2. Bakit mahalaga ang kakailanganing mithiin o enabling goals?
 - a. Nakatutulong ang mga ito upang makamit ang itinakdang pangmatagalang mithiin
 - b. Nakatutulong ito sa pagpapanatili ng tuon sa itinakdang mithiin
 - c. Napapabilis nitong makamit ang itinakdang mithiin
 - d. Lahat ng nabanggit
3. Pagkatapos ng ulan ay sisikat ang araw, pagkatapos ng gabi ay darating ang umaga, at pagkatapos ng hrap ay darating ang ginhawa. Ano ang ibig sabihin nito?
 - a. Ang taong masipag ay hindi umiiwas sa anomang gawain lalo na kung ito ay nakaatang sa kanya.
 - b. Tunay na mahalaga na taglayin ng isang tao ang kasipagan sapagkat isa itong susi sa magandang kinabukasan at magbubunga ng maraming biyaya.
 - c. Sinisiguro na magiging maayos ang kalabasan ng kaniyang gawain at ibinibigay niya ang kanyang buong kakayahan, lakas, at panahon upang matapos nang buong husay.
 - d. Gaano man ang iyong pagdaraan na hrap sa iyong gawain ay pagsumikapan mo itong gawing mabuti sapagkat darating ang araw na malalasap mo ang kaligayahan at tagumpay na dulot nito.

4. Nangangailangan ng _____, maingat na pagpapalano, at patuloy na pagtutulak ng sarili upang makaahon tayo sa nakasanayan nating ugali na hindi paggawa ng gawain sa tamang oras.
 - a. determinasyon
 - b. kasipagan
 - c. pagpupunyagi
 - d. paglaan ng oras

5. Kung ikaw ay may katangian tulad ni Thomas Edison, ano ang iyong gagawin upang magbunga ng tagumpay ang iyong kasipagan?
 - a. Ipapasa-Diyos na lamang ang mga pagsubok at balakid.
 - b. Magpatuloy lamang sapagkat maaring makapagbigay ito sa iyo ng masagana at magandang buhay.
 - c. Panghinaan ng loob dahil sa pagsubok.
 - d. Sumuko sa hamon ng buhay sa pagkamit ng mithiin.

6. Ang sumusunod ay mga magandang dulot ng pagtatakda ng mithiin maliban sa...
 - a. Makagagawa ka ng mahusay na plano para maisakatuparan ang iyong mithiin sa buhay.
 - b. Natutukoy ang mga balakid upang magkaroon ng lakas ng loob na harapin ang mga ito.
 - c. Hahaba ang panahon sa paggamit ng oras sa mga gawain.
 - d. Magiging inspirasyon ito upang magsikap kang matupad ang itinakdang mithiin.

7. Ito ay pagtitiyaga na maaabot o makukuha ang iyong layunin o mithiin sa buhay.
 - a. Kasipagan
 - b. Katatagan
 - c. Pagsisikap
 - d. Pagpupunyagi

8. Ang sumusunod ay mga kalakip ng magpupunyagi maliban sa...
 - a. Kasipagan at Determinasyon
 - b. Pagtitiyaga
 - c. Pagtitiis
 - d. Pagkabatugan

9. Alin sa mga sumusunod ang hakbang sa pagtatakda ng mithiin?
- Isulat ang iyong itinakdang mithiin at ilagay ito sa ilalim ng unan
 - Sabihin ang itinakdang mithiin sa mga kaibigan
 - Ipagpasa-Diyos nalang ang mga itinakdang mithiin
 - Isulat ang takdang-panahon sa pagtupad ng mithiin.
10. Hindi dapat taglayin ng tao ang ugaling katamaran. Ang sumusunod na pangungusap ay resulta ng katamaran **maliban** sa:
- Ito ay pumapatay sa isang gawain, hanapbuhay, o trabaho.
 - Ito ang pumipigil sa tao upang siya ay magtagumpay.
 - Ito ay maaaring sumira sa ating kinabukasan.
 - Ito ay magdadala ng kasaganahan sa iyong buhay.




Karagdagang Gawain

Gawain 7

Panuto: Sumulat ng pagninilay sa iyong **journal** tungkol sa karanasan mo sa pagtala ng iyong mga gawain araw-araw. Tapusin ang sumusunod na di-tapos na pangungusap: “Ang napulot kong aral mula sa aking karanasan sa mga gawaing may kaugnayan sa aralin....”

Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Ang pagbibigay puntos o iskor ay nagagabay ng sumusunod na rubrik.



RUBRIK SA PAGTATAYA NG ISKOR SA PAGGAWA NG JOURNAL						
Pamantayan						Iskor
1. Malinaw ang pagpapahayag at nagpapamalas ng lalim ng repleksyon batay sa karanasan.	Natatangi (5)	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Kasiya-siya (2)	Hindi kasiya-siya (1)	
2. Organisasyon ng mga ideya ay maayos.	Natatangi (5)	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Kasiya-siya (2)	Hindi kasiya-siya (1)	
3. Paggamit ng wika, baybay, at grammar ay angkop.	Natatangi (5)	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Kasiya-siya (2)	Hindi kasiya-siya (1)	
4. Nilalaman ng paksan ay naayon.	Natatangi (5)	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Kasiya-siya (2)	Hindi kasiya-siya (1)	
Kabuuang Iskor						



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. D
2. A
3. D
4. D
5. D

Balikan
Ang pagbibigay puntos o iskor sa nagawang kasabihan o salawikain ay nagagabay ng naibigay na rubrik.

Tuklasin
Maaring magkakatiba ang sagot ng bawat mag-aaral.

Pagymamanin
1. M – mahahabaaan (matikilan)
2. T
3. M – hindi bahagi (bahagi)
4. T
5. M – hindi tungkulin (tungkulin)

Isaisip
“Ang mga hitap, pagod, at pagdurusa ay nadaalang pagpapunyahag tungo sa pagtupad ng tinakdang mihim.”

Isagawa
* Maaring magkakatiba ang daily log ng bawat magaaral.

Tayahin
1. C
2. D
3. D
4. C
5. B
6. C
7. D
8. D
9. C
10. D

Karagdagang Gawain
Ang pagbibigay iskor sa nagawang journal ay nagagabay ng naibigay na rubrik.

Sanggunian

“Collection of Thomas Edison Coloring Page”, Clipart Library© 20 April, 2021, <http://clipart-library.com/thomas-edison-coloring-page.html>.

Bernhard Haring, *The Virtues of an Authentic Life: A Celebration of Spiritual Maturity* (Liguori, Missouri, United States of America: Liguori Publications, 1997).

Gordon B. Hinckley, *Standing for Something 10 Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* (New York, New York, United States of America: Three Rivers Press, 2000).

David Isaacs, *Character Building: A Guide for Parents and Teachers* (Dublin, Ireland: Four Courts Press, 2001).

Republic of the Philippines, Department of Education, *Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul para sa mag-aaral* (Mamplasan, Biñan, Laguna, Philippines: FEP Printing Corporation, 2015).

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph